**0REPUBLIKA NG PILIPINAS**
LALAWIGAN NG LAGUNA
**BAYAN NG LUMBAN**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-4 NG SETYEMBRE, 2017 SA GANAP NA IKA-11:38 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO**:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL G. TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. PEDRO S. ABE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. RUBEN R. DELOS REYES | ---------------- | Pangulo-LNB |

**KAPASIYAHAN BLG. 64 T. 2017**

# KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA SINUMANG MAMAMAYAN NA MAGBUHOS O MAGSABOY NG TUBIG SA MGA PASAHERO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG MGA SASAKYAN MAGING NG MGA PAMPASAHERONG JEEPNEY, TRICYCLE, MOTORSIKLO AT BISIKLETA GAYUN DIN SA MGA INDIBIDWAL NA PEDESTRIYAN NA DUMARAAN SA BAHAGI NG NATIONAL HIGHWAY NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG LUMBAN TUWING BISPERAS NG PISTANG BAYAN, IKA-19 NG ENERO AT LUPI NG KAPISTAHAN NA GINAGANAP SA HULING LINGGO NG NATURANG BUWAN

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT**, alinsunod sa isinasaad sa Seksiyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 na kilala bilang Kodigo ng Pamahalaang Lokal:

> *"Ang bawat yunit ng pamahalaang lokal* ***ay gagamit ng kapangyarihan na hayagang ipagkaloob, yaong mga ipinapalagay na mahalaga****,* ***tulad ng mga kapangyarihang kailangan para sa mahusay at mabisang pamamahala at yaong kung saan ay mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang kagalingan****.* ***Sa nalolooban ng kani-kanilang teritoryong nasasakupan, titiyakin at susuportahan ng mga yunit ng pamahalaang lokal, sa iba pang mga bagay, ang pangangalaga at pagpapayaman ng kultura, pagtataguyod ng kalusugan at kaligtasan, pagdaragdag ng karapatan ng mga tao sa isang balansiyadong ekolohiya, paghikayat at pagsuporta sa pagpapaunlad ng angkop at sariling kakayahang pangteknolohiya, pagtataas ng antas ng moralidad ng publiko, pagpapaunlad ng ekonomiya at katarungang panlipunan, pagtataguyod ng pagkakataon sa paghahanapbuhay ng mamamayan nito, pangangalaga ng kapayapaan at katiwasayan at pagpapanatili ng kaginhawahan at kasiyahan ng kanilang mamamayan".***

**SAPAGKAT**, ang mga mananakay at mga indibidwal na walang partisipasyon sa isinasagawang taunang tradisyon na pagbubuhusan o sabuyan ng tubig ay marapat na ma-proteksyunan kasabay ng mataas na pagsasaalang-alang sa kanilang pansariling karapatan upang maiiwas sila sa posibleng panganib at perwisyo na maaaring maidulot ng biglaang pagsasaboy ng tubig;

**SAPAGKAT**, marami sa pasahero ng mga pampublikong sasakyan gaya ng mga jeepney na patungo sa kanilang mga trabaho at iba pang destinasyon na walang habas na nasasabuyan ng tubig sa kabila ng kanilang pakiusap na nagbubunsod nang malaking pagkabalam o tuluyang kanselasyon ng kanilang personal na lakad;

**SAPAGKAT**, ang kawalang galang sa karapatan ng mga mananakay at indibidwal na pedestriyan ay malabis at lagpas na sa maaaring unawain gaya halimbawa na ginagawa ang pagsasaboy sa loob ng jeepney kahit nakababa na ang tarapal nito, pagsasaboy sa mga nakagayak para sa pagsamba at pagsasaboy maging kahit sa may karamdaman;

**SAPAGKAT**, ang biglaang pagsasaboy ng tubig lalo na sa mga driver ay maaaring magdulot ng aksidente at kaguluhan na posibleng humantong sa krimen;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **KGG. ROMELIO E. LADUB** na pinangalawahan ni **KGG. IRENEO R. BALDOVINO** at sinang-ayunan nang nakararaming Kagawad na dumalo, ay;

**IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA** na pagtibayin ang kapasiyahan na nagbabawal sa sunumang mamamayan na magbuhos o magsaboy ng tubig sa mga pasahero ng mga pampubliko at pribadong mga sasakyan maging ng mga pampasaherong jeepney, tricycle, motorsiklo at bisikleta gayun din sa mga indibidwal na pedestriyan na dumaraan sa bahagi ng national highway na nasasakupan ng Bayan ng Lumban tuwing bisperas ng pistang bayan, ika-19 ng Enero at Lupi ng kapistahan na ginaganap sa huling Linggo ng naturang buwan.

**IPINASIYA PA RIN ,** na pagtibayin ang isang kautusang bayan para dito:

**<u>KAUTUSANG BAYAN BLG. 07 TAONG 2017</u>**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA SINUMANG MAMAMAYAN NA MAGBUHOS O MAGSABOY NG TUBIG SA MGA PASAHERO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG MGA SASAKYAN MAGING NG MGA PAMPASAHERONG JEEPNEY, TRICYCLE, MOTORSIKLO AT BISIKLETA GAYUN DIN SA MGA INDIBIDWAL NA PEDESTRIYAN NA DUMARAAN SA BAHAGI NG NATIONAL HIGHWAY NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG LUMBAN TUWING BISPERAS NG PISTANG BAYAN, IKA-19 NG ENERO AT LUPI NG KAPISTAHAN NA GINAGANAP SA HULING LINGGO NG NATURANG BUWAN**

**Pangkat I. Paghahayag ng Kautusan** – Ipinahahayag sa pamamagitan nito na mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang mamamayan ng Bayan ng Lumban na magsaboy ng tubig sa mga pasahero ng mga pampubliko at pribadong sasakyan maging ng mga pampasaherong jeepney, tricycle at motorsiklo at bisikleta gayun din sa mga indibidwal na pedestriyan na dumaraan sa bahagi ng national highway na nasasakupan ng Bayan ng Lumban tuwing bisperas ng pistang bayan, ika-19 ng Enero at Lupi ng kapistahan na ginaganap sa huling Linggo ng naturang buwan.

**Pangkat II. Layunin** – Pangunahing layunin ng Pamahalaang Bayan ng Lumban na maproteksiyunan ang interes ng mga mananakay at indibidwal mula sa panganib na maaaring maidulot ng pagsasaboy ng tubig sa kanilang kaligtasan, kalusugan at karapatang maisagawa ang personal na gawain nang hindi nasasagkaan ng iba o ng anumang kondisyon na idulot ng iba na may kahiwalay na layunin o kagustuhan.

**Pangkat III. Saklaw** – Sinasaklaw ng Kutusang ito ang lahat ng mga mga mamamayan ng Bayan ng Lumban na lumalahok sa taunang tradisyon ng pagsasaboy ng tubig tuwing ika-19 ng Enero at sa huling linggo ng buwan sa lugar at bisinidad na nasasakupan ng national road.

**Pangkat IV. Multa at Kaparusahan** – Ang sinumang makagawa ng tahasang paglabag sa isinasaad ng Kautusang Bayang ito ay papatawan ng multang isanlibong piso (P1,000.00) at paglilingkod sa komunidad o pakikilahok sa buwanang Operation Linis ng kinabibilangang barangay.

Ang mga menor na eded o mga batang wala pa sa hustong gulang na lalabag sa kautusang ito ay pansamantalang ilalagay sa kustodiya ng pinakamalapit na Barangay o himpilan ng Pulisya habang hinihintay ang tugon ng magulang sa patawag upang ipabatid ang tungkulin nila sa paggabay sa kanilang mga anak hinggil sa mga kautusang ipinatutupad sa Bayan ng Lumban gaya ng ordinansang ito.

**Pangkat V. Tagapagpatupad** – Inaatasan ang Kuwerpo ng Pulisiya, mga Opisyal ng Barangay at mga Bantay Bayan na ipatupad ang kautusang ito.

**Pangkat VI. Paghahain ng Reklamo** – Ang sinumang pasahero ng mga pribado at pampublikong sasakyan maging ng mga tricycle, motorsiklo at bisikleta; maging mga indibidwal na pedestriyan na masabuyan ng tubig na labag sa kanilang kagustuhan ay maaring dumulog sa pinakamalapit na tanggapan ng barangay o sa mga kagawad ng kapulisan o mga kagawad ng Bantay Bayan. Ang may awtoridad kasama ng mga nagsusumbong ay sasadya sa lugar na kung saan ay naganap ang pagsaboy ng tubig upang positibong ma-identipika ang inirereklamo kasunod ang pag-imbita sa mga ito sa himpilan ng pulisiya o sa pinakamalapit na himpilan ng barangay.

Ang mga taong direktang mahuhuli ng mga kagawad ng kapulisan o ng Bantay Bayan at ang mga ipinagsumbong na mapatunayang lumabag ay dagling papatawan ng isinasaad ng Pangkat IV ng kautusang ito.

**Pangkat VII. Pagpapatupad at Bisa ng Kautusang Bayan** – Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos ang mapagtibay ng Kgg. Sangguniang Panlalawigan

**Pangkat VIII. Pag-amyenda** – Anumang bahagi ng kautusang ito na hindi alinsunod sa ipinatutubad na batas, sirkulo o mga umiiral na mga alituntunin at kegulasyon ay dagling aamyendahan, aalisin o babaguhin na hindi maaapektuhan ang pagpapatupad ng kabuuan.

**INAATASAN**, ang Kalihim ng Sangguniang Bayan na magpadala ng sipo ng kautusang ito sa Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan para sa kanilang kabatiran at pagpapatibay.

**PINAGTIBAY, ngayong ika- 04 ng Setyembre, 2017.**

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAUTUSANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*xcrpt90417res64KB07*